



Commonwealth of Virginia  
Office of the Governor

## Executive Order

### **BILANG ANIMNAPU'T DALAWA (2020) AT KAUTUSAN NG EMERGENCY SA KALUSUGAN NG PUBLIKO APAT**

### **MGA HURISDIKSYON NA PANSAMANTALANG NAANTALA MULA SA PAGPASOK NG UNANG YUGTO SA EHEKUTIBONG KAUTUSAN 61 AT PINAHINTULUTANG MANATILI SA PHASE ZERO REHIYON NG HILAGANG VIRGINIA**

#### **Kahalagahan ng Isyu**

Ehekutibong Kautusan 61, na inilabas noong Mayo 8, 2020, at may bias simula noong 12:00 ng umaga, Mayo 15, 2020, ang pagpapaluwag sa ilang mga paghihigpit na ipinatupad sa ilalim ng Pangalawang Binagong Ehekutibong Kautusan 53 at Ehekutibong Kautusan 55 (na ang parehong Kautusan ay sama-samang tumutukoy bilang Phase Zero). Ang Ehekutibong Kautusan 61 ay nagtatakda ng daan tungo sa Unang Yugto ng Commonwealth ng Virginia. Ang pagpapaluwag sa mga paghihigpit ng Phase Zero ay isinagawa sa bahagi ng pagkamit sa ilan sa sukatan ng Commonwealth sa pagtugon sa novel coronavirus (COVID-19). Ang pagpapaluwag ng mga paghihigpit na iyon ay nangangahulugang mababa, at hindi napakataas. Katulad ng nauna nang kinilala, ilan sa mga rehiyon ay maaaring kailanganing lumipat sa Unang Yugto nang mas mabagal kaysa sa iba pa sa Commonwealth. Bago ang paglalabas ng Ehekutibong Kautusan 61, ipinayo ko na alinmang lokalidad na hindi pa handang lumipat sa Unang Yugto sa panahon ng aking pagsusuri at pagpapahintulot ng kanilang kahilingan upang manatili sa Phase Zero, ay maaaring magsagawa nito.

Noong Mayo 9, 2020, ang mga lokal na opisyal mula sa mga County ng Arlington, Fairfax, Loudoun, at Prince William, at mga Lungsod ng Alexandria, Fairfax, Falls Church, Manassas, Manassas Park, gayundin ang mga Bayan ng Dumfries, Herndon, Leesburg, at Vienna (Rehiyon ng Hilagang Virginia) ay humiling na manatiling nasa Phase Zero. Ipinakikita ng datos na inilaan may kaugnayan sa kahilingang iyon na pagdating sa mga pagpapaospital, porsiyento ng positibo, at bilang ng kaso, ang Rehiyon ng Hilagang Virginia ay humaharap sa kakaibang mga hamon kumpara sa iba pang Commonwealth. Ang Rehiyon ng Hilagang Virginia ay lubhang napakataas kumpara sa iba pang Commonwealth sa porsiyento ng positibong mga pagsusuri para sa COVID-19. Ang Rehiyon ng Hilagang Virginia ay may 25% na positibong rate, habang ang iba pang Commonwealth ay halos mga 10%. Bukod diyan, sa huling 24 oras, ang Rehiyon ng Hilagang Virginia ay nag-ulad ng mahigit 700 kaso, habang ang iba pa sa Commonwealth ay nag-ulat ng tinatayang 270. Sa anumang araw, 70% ng mga positibong kaso ng Commonwealth ay iniuugnay sa Rehiyon ng Hilagang Virginia.

Karagdagan pa, habang ang personal na pamprotektang kagamitan o personal protective equipment (PPE) para sa mga ospital ay lumilitaw na sapat sa panahong ito, iginigiit ng Rehiyon ng Hilagang Virginia na ang PPE para sa mga outpatient na pasilidad ay patuloy na magiging hamon. Sa katulad na paraan, kahit ang bilang ng mga pagkamatay sa Rehiyon ng Hilagang Virginia ay lumilitaw na bumubulusok pababa, ang mga pasyenteng may COVID-19 sa Rehiyon ng Hilagang Virginia ay makabuluhang nag-ookupa sa mas malaking bahagi kapasidad ng higaan sa ospital ng rehiyon, nang ikumpara sa mga pagpapaospital may kaugnayan sa COVID sa iba pang Commonwealth. Dahil dito, pagkatapos isaalang-alang ang kahilingan at nauugnay na datos ng Rehiyon ng Hilagang Virginia, naisip ko na angkop lamang ang kahilingan upang iantala ang pagpasok sa Unang Yugto at manatili sa Phase Zero.

## **Direktiba**

Samakatuwid, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V ng Konstitusyon ng Virginia, sa pamamagitan ng § 44-146.17 ng *Mga Alituntunin ng Virginia*, sa pamamagitan ng alinmang iba pang naaangkop na batas, at sa pagsusulong ng Ehekutibong Kautusan 51, at sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob ng Komisyoner ng Kalusugan ng Estado alinsunod sa §§ 32.1-13, 32.1-20, at 35.1-10 of ng *Mga Alituntunin ng Virginia*, ipinagkaloob ko sa Rehiyon ng Hilagang Virginia ang kahilingan na manatili sa Phase Zero. Alinsunod ito, may kinalaman sa Rehiyon ng Hilagang Virginia, ang sumusunod na mga hakbang ay palalawigin mula 12:00 ng umaga, Biyernes, May 15, 2020:

1. Patuloy na pagsasara ng lahat ng kainan at mga lugar ng pagtitipon sa mga restawran, mga establisyimentong kainan, food court, mga brewery, mga microbrewery, mga destilerya, mga winery, mga tasting room at mga merkado ng magsasaka. Ang mga restawran, mga establisyimentong kainan, food court, mga brewery, mga microbrewery, mga destilerya, mga winery, mga tasting room at mga merkado ng magsasaka ay maaaring magpatuloy s pag-aalok ng delivery at mga serbisyong take-out.
2. Patuloy na pagsasara ng lahat ng pampublikong access sa mga negosyong panlibangan at aliwan, tulad ng itinakda sa ibaba:
  - a. Mga teatro, mga sentro sa pagtatanghal ng sining, mga lugar ng konsiyerto, mga museo, at iba pang sentro ng panloob na aliwan;
  - b. Mga fitness center, gymnasium, recreation center, mga pasilidad ng panloob ng sports, at mga pasilidad ng panloob na pag-eehersisyo;
  - c. Mga beauty salon, barbershop, spa, massage parlor, tanning salon, tattoo shop, at iba pang lokasyon kung saan isinasagawa ang personal na pangangalaga o pagpapagandang serbisyo na hindi magpapahintulot na sumunod sa mga patnubay ng physical distancing na manatiling anim na talampakan ang layo sa isa't isa;
  - d. Mga karerahan at makasaysayang mga pasilidad ng karera ng kabayo; at

- e. Mga bowling alley, mga skating rink, mga amusement park, mga trampoline park, mga perya, mga pasilidad ng sinig at likha, mga aquarium, mga zoo, mga escape room, pampubliko at pangpribadong panlipunang samahan, at lahat ng iba pang lugar ng panloob na pampublikong libangan.

3. Ang mahahalagang negosyo ng tingi ay maaaring manatiling bukas sa oras ng kanilang kaniwang oras ng negosyo. Ang mga negosyong iyon ay tulad ng:
- a. Mga tindahan ng grocery, mga parmasya at iba pang nagtitingi na nagbebenta ng mga produkto ng pagkain at inumin o mga produkto ng parmasya, kabilang ang mga tindahan ng dolyar at mga department store na may mga operasyon ng grocery at parmasya;
  - b. Mga nagtitingi sa medikal, laboratoryo, at suplay sa paningin;
  - c. Mga nagtitingi sa electronic na nagbebenta o nagseserbisyo ng mga cell phone, mga computer, mga tablet at iba pang mga teknolohiya sa komunikasyon;
  - d. Mga nagtitingi ng mga parte ng sasakyan, mga aksesorya, at gulong pati na rin mga pasilidad sa pagkukumpuni ng sasakyan;
  - e. Mga nagtitingi sa pagpapabuti ng bahay, hardware, materyales ng gusali, at suplay ng gusali;
  - f. Mga nagtitingi sa kagamitan sa damuhan at hardin;
  - g. Mga tindahan ng beer, vino, at alak;
  - h. Mga tinging gawain ng mga gasolinahan at mga convenience store;
  - i. Tingi na matatagpuan sa loob ng mga pasilidad ng healthcare;
  - j. Mga bangko at iba pang mga intitusyong pananalapi na may mga gawaing tingi;
  - k. Mga tindahan ng alagang hayop at pakain;
  - l. Paglilimbag at suplay ng tanggapan; at
  - m. Mga labahan at mga dry cleaner.

Ang mga employer ay kailangang maglaan ng mga pantakip sa mukha sa kanilang mga empleyado.

4. Alinmang negosyong tingi sa gilid ng kalsada na hindi nakalista sa talata 3 ay maaaring patuloy na magbukas subalit dapat limitahan ng lahat ng taong papasok para mamimili nang hindi lalampas sa 10 parokyano kada establisyimento. Kung alinman sa negosyong iyon ay hindi kayang sumunod sa limit na 10 parokyano na may angkop na kinakailangan sa physical distancing, dapat itong isara. Ang negosyong tingi sa gilid ng kalsada na hindi nakalista sa talata 3 ay hinihimok na sundin ang mga Patnubay para sa Lahat ng Sektor ng Negosyo bilang pinakamahasay na mga kasanayang nauugnay [dito](#).

5. Lahat ng negosyo ay hinihimok na sundin ang mga Patnubay para sa Lahat ng Sektor ng Negosyo bilang pinakamahusay na mga kasanayang nauugnay [dito](#) at iba ang angkop na patnubay sa lugar ng trabaho mula sa estado at pederal na mga awtoridad habang nagpapatakbo.
6. Kahit ang mga operasyon ng negosyo ay nag-aalok ng propesyonal kaysa sa mga tinging serbisyo ay maaaring manatiling bukas, dapat silang gumamit ng teleworking hangga't maaari. Kung hindi maaari ang telework, ang negosyong iyon ay dapat sumunod sa mga rekomendasyon ng physical distancing, pinahusay na kasanayan sa pagdisimpekta sa mga karaniwang ibabaw ng bagay na madalas nahahawakan, at paggamit ng nauugnay na patnubay sa lugar ng trabaho mula sa estado at pederal na mga awtoridad.
7. Lahat ng indibidwal sa Rehiyon ng Hilagang Virginia ay dapat manatili sa kani-kanilang tahanan, maliban kung inilaan sa ibaba ng Kautusang ito. Hangga't ang mga indibidwal ay gumagamit ng pampubliko o panlabas na mga espasyo, sa lupa man o sa tubig, dapat nilang panatilihin ang physical distancing sa lahat ng oras mga anim na talampakan man lamang mula sa ibang tao, hindi kabilang ang mga miyembro ng pamilya, tulad ng inilarawan sa ibaba, o mga tagapag-alaga. Maaaring lumabas ng kani-kanilang tahanan ang mga indibidwal para sa layunin ng:
  - a. Pagkuha ng pagkain, mga inumin, kalakal o serbisyo na pinahihintulutan sa Kautusang ito;
  - b. Paghahanap ng medikal na atensyon, mahahalagang serbisyong panlipunan, mga serbisyong pampamahalaan, tulong mula sa tagapagpatupad ng batas , o mga serbisyong pang-emergency;
  - c. Pag-aalaga sa ibang mga indibidwal, hayop, o pagbisita sa tahanan ng isang miyembro ng pamilya;
  - d. Pagbiyaheng kinakailangan ng kautusan ng korte o paghiling ng kustodiya ng anak, pagbisita, o pangangalaga ng bata;
  - e. Pakikibahagi sa aktibidad sa labas, kabilang ang pag-eehersisyo, basta't ang mga indibidwal ay sumusunod sa mga kahilingan ng physical distancing;
  - f. Pagbiyahe papunta at pabalik sa tirahan ng isang tao, lugar ng pagsamba, o trabaho;
  - g. Pagbiyahe papunta at pabalik sa institusyong pang-edukasyon;
  - h. Pagboboluntaryo kasama ang mga organisasyon na nagbibigay ng kawang-gawa o panlipunang serbisyo; at
  - i. Pag-alis sa isang tirahan dahil sa makatwirang takot sa kalusugan o kaligtasan, at sa utos ng tagapagpatupad ng batas, o sa utos ng iba pang ahensiya ng pamahalaan.

8. Lahat ng pampubliko at pangpribadong personal na pagtitipon ng mahigit sa 10 indibidwal ay ipinagbabawal. Ang pagdalo ng mahigit sa 10 indibidwal na gumaganap ng mga tungkulin ng kanilang trabaho ay hindi isang “pagtitipon”. Kabilang sa “pagtitipon” hindi lang ang mga kasayahan, mga selebrasyon, o iba pang mga kaganapan sa lipunan, kahit na ang mga ito ay nangyari sa loob o labas ng bahay. Ang paghihigpit na ito ay hindi ipinapatupad sa pagtitipon ng mga miyembro ng pamilya na naninirahan sa parehong tirahan. Kabilang sa mga “miyembro ng Pamilya” ang magkakadugo, ampon, at mga relasyong tagapagtaguyod, pati na rin ang lahat ng indibidwal na naninirahan sa parehong sambahayan. Hindi kailangang panatilihin ng mga miyembro ng pamilya ang physical distancing habang sila nasa kanilang mga bahay.
9. Ang mga paaralang K-12, pangpubliko at pangpribado, ay mananaliting sarado para sa personal na pagtuturo sa nalalabing taon ng eskwela na 2019-2020. Ang mga pasilidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalaga ng bata ay maaaring manatiling bukas.
10. Ang mga Institusyon ng mas mataas na edukasyon ay dapat magpatuloy na ihinto ang lahat ng pang-personal na klase at pagtuturo, at kanselahin ang lahat ng pagtitipon nang higit sa sampung indibidwal. Para sa mga layunin ng pagpapadali sa malayuang pag-aaral, gumaganap sa mahalagang pananaliksik, o gumaganap sa mahalagang gawain, ang mga institusyon ng mas mataas na edukasyon ay maaaring magpatuloy sa operasyon, sa kundisyon na ang mga pangangailangan sa social distancing ay napapanatili.
11. Ang magdamagang mga serbisyo ng mga summer camp, gaya ng tinukoy sa § 35.1-1 ng *Mga Alituntunin ng Virginia* ay dapat ipatigil.
12. Patuloy na pagsasara ng lahat ng pampublikong dalampasigan para sa lahat ng aktibidad gaya ng tinukoy sa § 10.1-705 ng *Mga Alituntunin ng Virginia*, maliban sa pag-eehersisyo at pangingsda. Ang mga pangangailangan sa physical distancing ay dapat masunod.
13. Walang anuman sa Kautusan ang naglilimita sa: (a) ang pagbibigay ng pangangalagang kalusugan o mga serbisyong medikal; (b) pag-access sa mahahalagang mga serbisyo para sa mga residenteng mababa ang kita, katulad ng mga food bank; (c) mga operasyon ng media; (d) mga ahensiyang nagpapatupad ng batas; o (e) operasyon ng gobyerno.
14. Ang pagpapaubaya sa § 18.2-422 ng *Mga Alituntunin ng Virginia* ay magpapatuloy, upang sa gayon ay pahintulutan ang pagsusuot ng mask na pang-medikal, respirator, o anumang iba pang pantakip na proteksyon sa mukha para sa layuning pinapangalagaan ang proteksyon ng personal na kalusugan ng isang tao bilang tugon sa COVID-19 emergensiya sa pampublikong kalusugan na idineklara ng Komisioner ng Kalusugan ng Estado noong Pebrero 7, 2020, at makikita sa Ehekutibong Kautusan 51 na nagdedeklara ng state of emergency sa Commonwealth. Ang Ehekutibong Kautusan 51 ay nananatili kaya inamyendahan. Ang pagpapaubayang ito ay may bisa simula noong Marso 12, 2020.

Ang paglabag ng mga talata 1, 2, 4, 8, 10, 11, 12 ng Kautusang ito ay magiging Class 1 na lubhang maliit na pagkakasala alinsunod sa § 44-146.17 ng *Mga Alituntunin ng Virginia*.

Ang pagpasok sa Unang Yugto ng Rehiyon ng Hilagang Virginia ay maaantala at ang mga paghihigpit sa itaas ay mananatiling ipatutupad hanggang 11:59 ng hapon, Mayo 28, 2020.

**Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa ng Ehekutibong Kautusan na ito**

Ang Kautusang ito ay magsisimula sa 12:00 ng umaga, Biyernes, Mayo 15, 2020 at ang karagdagang mga amyenda ng Ehekutibong Kautusan 55. Maliban kung malinaw na ibinigay dito, ang Ehekutibong Kautusan na ito ay mananatiling sa buong kapangyarihan at may bisa hanggang 11:59 ng hapon, Huwebes, Mayo 28, 2020, maliban kung amyendahan o ipawalang-bisa sa pamamagitan ng karagdagang ehekutibong kautusan.

Ibinigay sa akin at Tinatakan ng Commonwealth ng Virginia at ang Tatak ng Tanggapan ng Komisyoner ng Kalusugan ng Estado ng Commonwealth ng Virginia nitong Ika-12 ng Mayo, 2020.



*M. Norman Oliver MD*

M. Norman Oliver, MD, MA  
Komisyoner ng Kalusugan  
ng Estado

*Ralph S. Northam*

Ralph S. Northam, Gobernador

Pinatotohanan ni:

*Kelly Thomasson*

Kelly Thomasson, Kalihim ng Commonwealth